Mas matibay na proteksyon para sa mga Albertan na tumatanggap ng pangangalaga

Nobyembre 4, 2026

Ang iminumungkahing batas, kung maipapasa, ay magpapatibay sa mga proteksyon para sa mga Albertan na tumatanggap ng pangangalaga, magpapahusay sa pananagutan at susuporta sa mahabagin na interbensyon.

Ang Panukalang Batas 39, ang *Batas sa Pag-amyenda ng mga Batas Pangkalusugan, 2026 (Blg. 2)* (*Health Statutes Amendment Act, 2026 (No. 2)*), ay uunahin ang kaligtasan, dignidad at kapakanan ng mga Albertan na tumatanggap ng pangangalaga sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga proteksyon at pananagutan sa mga lugar ng pangangalaga na pinopondohan ng publiko. Poprotektahan din ng mga iminumungkahing amyenda ang access sa mga serbisyo ng laboratoryo na saklaw ng pampublikong health insurance, gagawing moderno ang mga batas pangkalusugan at susuportahan ang katatagan at transparency sa buong sistema ng kalusugan ng Alberta.

“Kapag ang mga Albertan ay nasa kanilang pinakamahinang kalagayan, dapat silang makaasa sa ligtas at marangal na pangangalaga. Ang mga iminumungkahing pagbabagong ito ay magpapatibay sa mga proteksyon, magpapalakas sa pananagutan at magbibigay sa mga pamilya ng higit na kumpiyansa na protektado ang kanilang mga mahal sa buhay.”
Justin Wright, Ministro ng Primary at Preventative Health Services

Pagpapatibay ng mga proteksyon para sa mga Albertan na tumatanggap ng pangangalaga
Lilinawin ng mga iminumungkahing amyenda sa *Batas sa Proteksyon para sa mga Taong nasa Pangangalaga* (*Protection for Persons in Care Act*) kung aling mga provider ng pangangalaga at suporta na pinopondohan ng publiko ang saklaw ng batas, at pahuhusayin ang mga proseso para sa pag-iimbestiga ng mga ulat ng pang-aabuso, mga apela, pagsunod at pagpapatupad. Makatutulong ang mga pagbabagong ito upang matiyak na ang mga alalahanin tungkol sa pang-aabuso ay maayos na naiimbestigahan at natutugunan, na nagbibigay sa mga Albertan at sa kanilang mga pamilya ng higit na kumpiyansa na ang mga tumatanggap ng pangangalaga ay tinatrato nang may dignidad at paggalang. Mananatili ang mga umiiral na proteksyon at karapatang mag-apela.

Pagpapahusay ng pangangalaga para sa mga bulnerableng Albertan
Ang mahabagin na interbensyon ay isang pamamaraang binuo sa Alberta upang tulungan ang mga may pinakamalubhang anyo ng pagkagumon na matanggap ang pangangalagang kailangan nila. Sa ilalim ng *Batas sa Mahabagin na Interbensyon* (*Compassionate Intervention Act*), ang mga miyembro ng pamilya, tagapag-alaga (guardian), propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, pulis o peace officer ay maaaring humiling ng utos para sa pagtatasa (assessment order) bilang huling hakbang para sa isang tao na dahil sa pagkagumon ay naging panganib sa kanyang sarili o sa iba. Patitibayin ng mga iminumungkahing amyenda sa batas ang mga proseso ng aplikasyon at pagdinig,

susuportahan ang napapanahong access sa impormasyon, magbibigay ng higit na klinikal sa kakayahang umangkop at lilinawin ang pangangasiwa, habang tinitiyak na mananatili ang mga umiiral na hakbang sa pagiingat. Makatutulong ang mga pagbabagong ito upang matiyak na ang mahabagin na interbensyon ay maihahatid nang ligtas, epektibo at pare-pareho kapag naipatupad na ito sa tagsibol ng 2027.

Patitibayin ng mga iminumungkahing amyenda sa *Batas sa Kalusugan ng Pag-iisip* (*Mental Health Act*) ang koordinasyon sa pagitan ng mga sektor ng serbisyong pangkalusugan sa loob ng mga aprubadong ospital, na tumutulong na matiyak na matatanggap ng mga pasyente ang pangangalagang kailangan nila habang pinangangalagaan ang mga karapatan at hakbang sa pagiingat ng pasyente.

“Pinatitibay namin ang pangangalaga para sa mga Albertan na nakikipaglaban sa malubhang pagkagumon o paggamit ng substance. Tinutulungan kami ng mga pagbabagong ito na tuparin ang aming pangako na ipatupad ang mahabagin na interbensyon, upang ang mga Albertan na may pinakamalubhang pagkagumon ay makatanggap ng ligtas, magkakaugnay at pare-parehong paggamot na tumutulong sa kanila na sumulong tungo sa paggaling.”
Rick Wilson, Ministro ng Kalusugan ng Pag-iisip at Pagkagumon

Paglilinaw sa pampublikong pagpopondo para sa mga serbisyo ng laboratoryo
Nananatiling matatag na nakatuon ang gobyerno ng Alberta sa isang malakas na sistema ng pangangalagang pangkalusugan na pinopondohan ng publiko, na inuuna ang mga pasyente, nagbibigay ng mas maraming pagpipilian at tinitiyak na ang mga serbisyo ng laboratoryo na kinakailangan sa medikal ay mananatiling pinopondohan ng publiko. Pananatilihin ng mga iminumungkahing amyenda sa *Batas sa Insurance sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Alberta* (*Alberta Health Care Insurance Act*, AHCIA) ang walang bayad na access sa mga serbisyo ng laboratoryo na nakabatay sa komunidad at pinopondohan ng publiko para sa naka-insure na pangangalaga at pangangalagang ini-refer ng doktor, habang tinitiyak na ang mga pribadong klinika ang mananagot sa pagbabayad ng mga gastos sa laboratoryo na kaugnay ng mga serbisyong hindi naka-insure.

Pagtatatag ng mga kinakailangan para sa mga plano ng self-insurance
Ang mga karagdagang amyenda sa AHCIA ay magbibigay sa gobyerno ng mga kasangkapang pang-regulasyon na kailangan upang pangasiwaan ang mga kaayusan ng self-insurance para sa mga pipiliing kumuha ng elective na pangangalaga sa labas ng pampublikong sistema. Kabilang dito ang pagtatatag ng mga kinakailangan sa pagtatala at pag-uulat para sa mga kalahok na doktor at insurer. Patuloy na magkakaroon ang mga Albertan ng parehong access sa pangangalagang pangkalusugan na pinopondohan ng publiko, at walang Albertan ang oobligahing magkaroon ng self-insurance.

“Ang mga pagbabagong ito ay nagtatakda ng malinaw na mga patakaran at matibay na mga hakbang sa pagiingat para sa mga Albertan na pipiliing magbayad para sa elective na pangangalaga sa

pamamagitan ng mga kaayusan ng self-insurance. Pinatitibay din nito ang pangangasiwa upang protektahan ang ating pampublikong sistema ng pangangalagang pangkalusugan, habang tinitiyak na hindi magbabago ang access ng mga Albertan sa pangangalagang pinopondohan ng publiko.”
Adriana LaGrange, Ministro ng Ospital at Surgical Health Services

Ang mga karagdagang iminumungkahing amyenda ay mag-a-update sa *Batas sa Pampublikong Kalusugan* (*Public Health Act*) at magpapawalang-bisa sa mga luma nang amyenda upang suportahan ang paglilipat ng mga public health inspector mula sa Alberta Health Services patungo sa Primary Care Alberta.

Kaugnay na impormasyon

- Pagpapalawak ng access sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga Albertan
- Pagsuporta sa isang world-class na sistema ng pangangalagang pangkalusugan

Mga katanungan sa media

Jaye Lang
jaye.lang@gov.ab.ca
780 427 3665
Kalihim ng Press, Primary at Preventative Health Services